

# Pangkalahatang Abiso sa Privacy

Tinutugunan ng Abiso sa Privacy na ito kung paano maaaring mangolekta at magproseso ng personal na impormasyon mula sa iyo ang Raytheon Technologies Corporation (“Raytheon Technologies”) at mga subsidiary at kaakibat nito, bilang indibidwal, *hiwalay at malayo sa mga website at mobile application nito*. Nasa partikular na website na iyon ang abiso sa privacy para sa anumang website ng Raytheon Technologies. Para sa mga aplikante ng trabaho, pakitingnan ang aming [Abiso sa Privacy ng Aplikante ng Trabaho](#). Ang mga empleyado ay dapat sumangguni sa [Abiso sa Privacy ng Empleyado](#) ng Raytheon Technologies.

Nakikipag-ugnayan ang Raytheon Technologies sa mga indibidwal sa iba't ibang paraan: mga mismong gumagamit (end user) ng aming mga produkto, empleyado ng aming mga kustomer at supplier ng negosyo, at iba pa sa aming mga komunidad. Upang paganahin ang mga pakikipag-ugnayang ito, maaaring kakailanganin ng Raytheon Technologies na mangolekta at magproseso ng personal na impormasyon. Nagpatupad ang Raytheon Technologies ng teknikal, administratibo, at pisikal na mga hakbang upang pangalagaan ang anumang personal na impormasyon na maaari naming kolektahin. Dahil nilayon ang Abisong ito na sumaklaw sa iba't ibang uri ng sitwasyon, ang ilang impormasyon sa Abisong ito ay maaaring hindi naaangkop sa iyo. Halimbawa, kung wala kang warranty sa isang kompanya ng Raytheon Technologies, hindi mangongolekta ng impormasyon ng warranty mula sa iyo ang Raytheon Technologies. Gayundin, sumusunod ang Raytheon Technologies sa mga naaangkop na legal na kinakailangan at umiiwas mula sa pangongolekta o paggamit ng personal na impormasyon sa isang lokasyon na ipinagbabawal ng naaangkop na batas.

Maaaring baguhin ang patakarang ito paminsan-minsan nang walang paunang abiso. Mangyaring suriin sa regular na batayan ang patakarang ito para sa anumang pagbabago. Makikita sa dulo ng Abisong ito ang petsa ng pagkabisa ng kasalukuyang bersyon.

## Anong personal na impormasyong ang maaaring makolekta ng Raytheon Technologies?

Napapailalim ang personal na impormasyon na kinokolekta ng Raytheon Technologies sa mga naaangkop na legal na kinakailangan. Dahil sumasaklaw ang Abisong ito sa isang malawak na iba't ibang uri ng mga sitwasyon, maaaring may mga elemento ng data na nakalista dito na hindi naaangkop sa iyong partikular na sitwasyon. Mangyaring makipag-ugnayan sa Raytheon Technologies tulad ng inilarawan sa seksyong "Paano Makipag-ugnayan sa Raytheon Technologies" sa ibaba kung mayroon kang anumang katanungan.

Uri ng personal na impormasyon	Outsourced Labor	Mga tauhan ng mga supplier, vendor, at kustomer ng negosyo	Mga bisita at taong pinahihintutang gumamit ng Raytheon Technologies	Mga shareholder	Mga mamimili at mismong gumagamit (end user) ng ilang partikular na	Iba pa*
Pangalan, kabilang ang una, apelyido, gitna, anumang suffix (tulad ng Junior o Senior), at pagbati (tulad ng G. o Gng.)	X	X	X	X	X	X

Pangunahing impormasyon sa pagkakakilanlan, tulad ng petsa ng kapanganakan, at kasarian	X	X				X
Para sa mga umaasa, relasyon sa may hawak ng patakaran						X
Pang-emergency na impormasyon ng kontak	X	X				
Impormasyon ng kontak sa trabaho, kabilang ang numero ng telepono, numero ng facsimile, email address, numero ng pager, address na pagpapadalhan, at lokasyon ng trabaho	X	X	X			
Address ng tahanan, personal na email address at numero ng telepono sa bahay, kabilang ang personal na numero ng mobile na telepono	X				X	X
Ibinigay ang address na pagpapadalhan, mapa-tahanan man, trabaho o pareho				X		
Karanasan sa trabaho, edukasyon at kasaysayan ng trabaho, mga kategorya ng kasanayan kabilang ang mga kasanayan sa wika, mga lisensya, sertipikasyon, awtorisasyon na magsagawa ng isang partikular na trabaho, o mga pagkamiyembro sa at pakikilahok sa kalakalan na mga asosasyon o propesyonal na organisasyon	X	X				X
Impormasyon tungkol sa trabaho ng isang indibidwal, kabilang ang titulo ng trabaho, departamento, tungkulin sa trabaho, at cost center	X	X	X			X
Impormasyon tungkol sa employer ng isang indibidwal, kabilang ang (mga) pangalan ng kompanya, (mga) lokasyon ng kompanya, (mga) address ng kompanya, at bansa ng inkorporasyon	X	X	X			X
Pangalan ng superbisor at/o kasamang tumutulong	X	X	X			
Pagsasanay, pagdibelop, at/o impormasyon sa pagsusuri ng performance	X	X				
Ang kompyuter ng Raytheon Technologies, network, at impormasyon sa komunikasyon at mga log na sumasaklaw sa paggamit ng mga telepono ng kompanya, kompyuter, elektronikong komunikasyon (tulad ng email at elektronikong kalendaryo), at iba pang teknolohiya ng impormasyon at komunikasyon, kabilang ang ngunit hindi limitado sa pagkakakilanlan ng username/login, password, mga sagot sa mga katanungan sa seguridad, at iba pang impormasyong kinakailangan upang ma-access ang mga application, network, system, at serbisyo ng Raytheon Technologies pati na rin ang impormasyong iniimbak, ipinapadala, isinumite, o natatanggap mo sa pamamagitan ng mga network at system ng Raytheon Technologies	X	X	X		X	X
Mga trabahong nakaatas at produkto ng trabaho na maaaring may koneksyon sa iyo, tulad ng ngunit hindi limitado sa mga dokumento at file na tinukoy ka bilang may-akda at mga gawaing naitalaga sa iyo	X					
Impormasyon ng serbisyong militar ayon sa kinakailangan ng mga naaangkop na kinakailangan at batas	X					
Impormasyon sa kapaligiran, kalusugan, at kaligtasan	X	X	X			X
Mga kasunduan, programa, at aktibidad kung saan lumalahok ang indibidwal	X	X				

Impormasyong may kaugnayan sa pagbabayad at invoice, kabilang ang mga numero ng pagkakakilanlan ng pamahalaan at mga numero ng account sa bangko	X	X			X	X
(Mga) kagustuhan sa wika at komunikasyon	X	X	X	X	X	
Impormasyong nakolekta sa pamamagitan ng isang boluntaryong survey o promosyon o sa pamamagitan ng paggamit ng isang produkto	X	X			X	
Rekord ng anumang insidente na nangyari habang nasa lugar ng Raytheon Technologies	X	X	X			X
Impormasyon sa paglalakbay at gastos na nauugnay sa mga trabahong nakaatas, kabilang ang impormasyon ng visa, mga detalye ng gastos, at mga sumusuportang gastusin	X	X				X
Impormasyong maaaring kolektahin bilang bahagi ng isang pagtatalaga, tulad ng data ng oras at pagdalo, impormasyon ng badge, mga larawan, audio, video, biometric na impormasyon (hal., fingerprint, iris scan, o pagkilala sa boses), o data ng geolocation na ginagamit para sa isang partikular na tungkulin o pagtatalaga, ngunit ang naturang koleksyon ay malalaman, malinaw, at naaayon sa naaangkop na batas	X	X	X			
Bansang sinilangan, mga pagkamamamayang hawak (nakaraan at kasalukuyan), at katayuan ng permanenteng paninirahan, ayon sa kinakailangan ng naaangkop na batas	X	X	X			
Mga kinakailangang pagsusuri, tulad ng medikal na pagsusuri, pagsusuri sa gamot, at/o impormasyon sa pagsusuri ng background ayon sa kinakailangan ng naaangkop na batas	X					
Impormasyong maaaring kailanganin para sa mga regulasyon sa pagtupad ng internasyonal na kalakalan upang payagan ang iyong pag-access sa ilang partikular na teknolohiya o iba pang impormasyong nauugnay sa isang partikular na pagtatalaga o pagbisita ayon sa kinakailangan ng naaangkop na batas	X	X	X			X
Mga numero ng pagkakakilanlan na ibinigay ng pamahalaan (sa kabuuan o bahagi), gaya ng isang numero ng pagkakakilanlan ng buwis, numero ng pagkakakilanlan na itinalaga ng Raytheon Technologies, numero ng social security/seguro, numero ng lisensya sa pagmamaneho na ibinigay ng pamahalaan, visa, pasaporte, o iba pang numero ng dokumento	X	X	X	X		X
Mga kwalipikasyon upang makapagsilbi bilang isang vendor, tulad ng impormasyon sa mga salungatan ng interes		X				
Impormasyon ng bisita, kabilang ang oras, petsa, at lokasyon ng mga pagbisita, impormasyon tungkol sa isang sasakyan para sa mga layunin ng paradahan, at impormasyong kinakailangan upang mamantini ang mga log ng bisita at tinanggihang partido na pagsusuri	X	X	X			
Listahan ng mga nominal na regalo na maaaring naibigay o natanggap		X				X

Impormasyon ng lokasyon para sa ilang partikular na site na nagbibigay ng mga serbisyong nakabatay sa lokasyon, tulad ng mga mapa, access sa mga printer batay sa lokasyon, o pagkakaroon ng mga kalapit na silid para sa komperensiya, ngunit ang naturang koleksyon ay malalaman at malinaw.	X		X			
Ang impormasyong ibinigay upang mapadali ang isang serbisyo o humiling ng tulong, tulad ng paggamit ng produkto o impormasyon ng problema	X	X	X	X	X	
Impormasyong kinakailangan upang maproseso ang isang paghahabol o magbigay ng mga hiniling na benepisyo o serbisyo, na maaaring kabilang ang isang independiyenteng medikal na pagsusuri, impormasyong pangkalusugan, mga numero ng pagkakakilanlan ng pamahalaan o iba pang impormasyon						X
Ang impormasyong ibinigay sa konteksto ng paggamit ng mga karapatan bilang isang shareholder, tulad ng pagdalo sa pagpupulong (kabilang ang data na nakolekta para sa mga layuning pangseguridad para sa mga dadalo sa pagpupulong at anumang pag-rekord ng mga pagpupulong), impormasyon ng boto, at pagbabayad ng mga dibidendo				X		
Anumang impormasyon na pipiliin ng isang tao na isasama sa isang dokumento na bahagi ng isang paghahabol ng seguro at/o legal na paglilitis na kinasasangkutan ng Raytheon Technologies						X

\* tulad ng mga umaasa at miyembro ng pamilya ng mga empleyado ng Raytheon Technologies, mga emergency na kontak, partido sa mga paghahabol ng seguro

## Paano magagamit ng Raytheon Technologies ang personal na impormasyong kinokolekta nito?

Layunin	Outsourced Labor	Mga tauhan ng mga supplier, vendor, at kustomer ng negosyo	Mga bisita at taong pinahihintututang gumamit ng Raytheon	Mga shareholder	Mga mamimili at mismong gumagamit (end user) ng ilang partikular na Raytheon	Iba pa*
Pagsasagawa ng mga regular na operasyon ng negosyo, kabilang ang pagdidisenyo at pagdedebelop ng mga produkto, pamamahala ng isang system ng Enterprise Resource Planning (ERP), pagpapadala ng mga invoice at pangongolekta ng bayad, pagbibigay ng bayad, at pagbibigay ng mga kalakal at serbisyo sa mga kustomer, na maaaring kabilang ang pagbabahagi ng limitadong personal na impormasyon sa mga kustomer o iba pang kasyoso sa negosyo	X	X	X		X	

Pagbibigay ng mga hiniling na produkto at serbisyo, na maaaring kabilang ang paggamit ng geolocation para sa ilang partikular na application sa isang kilala at malinaw na paraan					X	
Pagsasagawa ng mga kampanya ng pagkakawanggawa	X					
Pagpaplano ng staffing, kabilang ang maaaring makaapekto sa badyet at pagpaplano at pag-uulat ng pananalapi	X					
Pagtugon sa mga sitwasyong may kinalaman sa peligro ng kalusugan o kaligtasan, kabilang ang isang emergency	X	X	X	X	X	X
Pamamahala ng mga komunikasyon at abiso	X		X	X	X	X
Pagpaplano at pagbibigay ng mga programa at serbisyong pangkalusugan at pangkaligtasan, kabilang ang pagsusuri sa gamot at mga programa pangkalusugan at pangkaligtasan	X					
Pag-uulat at istatistikal na analisis, kabilang ang headcount ng global enterprise, demograpiko, at pag-uulat na kinakailangan ng naaangkop na batas	X					
Pamamahala ng pisikal na seguridad, kabilang ang mga kontrol sa pag-access at seguridad, pag-access sa pasilidad at kaligtasan, at paghahanda sa sakuna	X	X	X	X		
Pamamahala, pagmamantini, at pagsisiguro ng mga system ng information technology ("IT"), tulad ng mga network ng kompyuter, email, pag-access sa internet, system ng Enterprise Resource Planning ("ERP"), at mga daloy ng <ul style="list-style-type: none"> <li>o trabaho, kabilang ang Mga kontrol sa pag-access at seguridad para sa kompyuter at iba pang system</li> <li>o Internet, intranet, email, social media, at iba pang access sa electronic system</li> <li>o Virus, pagpasok, at pag-scan at pag-aanalisa ng pagbabanta ng nasa loob</li> <li>o Paglikha at pag-aanalisa ng mga log para sa mga layunin ng seguridad at helpdesk</li> <li>o Pagbibigay sa helpdesk ng suporta at mga aktibidad sa pagmamantini ng system</li> <li>o Pagba-back up at pagbawi ng data at pagbibigay ng mga serbisyo ng pagbangon mula sa kalamidad</li> </ul>	X	X	X	X	X	X
Pangangasiwa sa pagsubaybay sa lokasyon, tagal, at iba pang telematics ng ilang mga asset at application ng Raytheon Technologies para sa pamamahala ng mga serbisyong ibinigay, seguridad, kaligtasan, at kahusayan	X	X	X			
Pagtiyak sa pagtupad sa mga kontrol ng pag-import, pag-export, at iba pang internasyonal na kalakalan, kabilang ang pamamahala sa mga pagpaparehistro at awtorisasyon, pagtukoy ng access sa mga kontroladong teknolohiya at/o mga kalakal, at pagsusuri para sa mga pinaparusan o pinaghihigpitang mga bansa o partido	X	X	X		X	
Pagtugon sa mga katanungan o alalahanin na isinumite sa programa ng Raytheon Technologies Ombudsman (karaniwan ay nangangahulugan ito ng paggamit ng data ng taong nagsumite ng katanungan o alalahanin upang tumugon pabalik)	X	X	X	X	X	X
Pagsasagawa ng mga pag-awdit at pagsusuri ng pagtupad upang matiyak ang pagtupad sa naaangkop na patakaran, regulasyon, at batas	X	X	X	X		X

Pagsasagawa at pamamahala ng mga panloob at panlabas na imbestigasyon, kabilang ang mga pagsusuri sa Legal, Global Ethics & Compliance, at International Trade Compliance at anumang resultang pahayag sa ahensya ng gobyerno	X	X	X	X	X	X
Pagsusuri at pag-uulat ng mga salungatan ng interes	X	X	X	X	X	X
Pagtugon sa mga isyu sa kapaligiran, kalusugan, at kaligtasan, kabilang ang mga paghahabol sa pinsala at pagkasira	X	X	X		X	X
Pagsusuri at pangangasiwa ng iba't ibang uri ng mga paghahabol ng seguro	X	X	X		X	X
Pag-uusig at pagdedepensa ng mga paghahabol sa litigasyon, arbitrasyon, administratibo, o mga paglilitis sa regulasyon, kabilang ang ngunit hindi limitado sa aktibidad bago ang pagtatalo, pangongolekta ng ebidensya, pagtuklas, mga humahawak ng litigasyon, at mga pagsisikap sa e-discovery	X	X	X	X	X	X
Pagtugon sa pagpapatupad ng batas at iba pang katanungan ng pamahalaan	X	X	X	X	X	X
Pagprotekta sa mga karapatan ng intelektwal na pag-aari, kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga paghahain ng patent	X	X				
Pagpapalano ng negosyo, kabilang ang pagpapalano para sa o pagsasagawa ng mga pagsasanib, acquisition at divestiture	X	X	X	X	X	
Pagpapadali ng mga aktibidad sa pamamahala ng mamumuhunan	X			X		
Pagdodokumento ng pakikilahok sa mga propesyonal na organisasyon at pagbibigay o pagtanggap ng mga regalo sa negosyo at pagmamagandang loob		X				
Pangangasiwa ng marketing, kontrata, mga magkasamang venture, at iba pang pagsisikap sa negosyo, kabilang ang walang limitasyong invoice at pagpoproseso ng pagbabayad, pamamahala ng proyekto, at mga survey at promosyon ng kustomer	X	X	X		X	
Pagdidisenyo, pagbebenta, paggawa, at pagpapahusay ng mga produkto		X			X	
Pagbibigay ng serbisyo at suplay sa kustomer		X			X	
Pagsasanay at sertipikasyon ng mga tauhan ng kustomer, supplier, at vendor		X	X			
Pagsasagawa ng masusing pagsusuri sa supplier at vendor, kabilang ang mga pagtatasa ng peligro		X	X			
Pagdedebelop at pamamahala ng badyet at pagpapalano at pag-uulat ng pananalapi		X	X			
Pagbibigay ng mga benepisyo at serbisyo ayon sa hinihiling ng alinman sa isang empleyado o ng isang benepisyaryo o umaasa						X
Tinitiyak ang pagtupad sa mga naaangkop na batas, regulasyon, at mga patakaran ng Raytheon Technologies tungkol sa mga regalo sa negosyo at naka-sponsor na paglalakbay sa mga third party	X	X	X		X	
Pagtupad sa mga obligasyong kinakailangan ng mga pampublikong kompanya, tulad ng pagdaraos ng taunang pagpupulong (kabilang ang seguridad sa naturang mga pagpupulong) at pagmamantini ng isang listahan ng mga shareholder				X		
Gaya ng kinakailangan o hayagang pinahintulutan ng naaangkop na batas o regulasyon	X	X	X	X	X	X

Maliban kung ginamit bilang suporta sa isang kontrata sa iyo o upang tuparin ang isang legal na obligasyon, ang aming paggamit ng iyong personal na impormasyon ay para lamang sa mga lehitimong interes ng negosyo gaya ng nakasaad sa itaas.

## **Kanino maaaring ibahagi ng Raytheon Technologies ang impormasyong kinokolekta nito?**

Hindi ibebenta o ibabahagi ng Raytheon Technologies ang iyong personal na impormasyon sa labas ng grupo ng mga kompanya ng Raytheon Technologies, maliban sa:

- mga tagapagbigay ng serbisyo na pinanatili ng Raytheon Technologies upang magsagawa ng mga serbisyo alang-alang sa amin. Ibahagi lang ng Raytheon Technologies ang iyong personal na impormasyon sa mga tagapagbigay ng serbisyo na pinaghihigpitan ayon sa kontrata ng Raytheon Technologies mula sa paggamit o pagsisiwalat ng iyong personal na impormasyon maliban kung kinakailangan upang magsagawa ng mga serbisyo alang-alang sa amin o upang sumunod sa mga legal na kinakailangan; sumunod sa mga legal na obligasyon, kabilang ang ngunit hindi limitado sa bilang tugon sa isang lehitimong legal na kahilingan mula sa mga awtoridad na nagpapatupad ng batas o iba pang regulator ng pamahalaan;
- imbestigahan ang pinaghihinalaan o aktwal na ilegal na aktibidad;
- maiwasan ang pisikal na pinsala o pagkalugi ng pananalapi; o
- suportahan ang pagbebenta o paglilipat ng lahat o isang bahagi ng aming negosyo o mga ari-arian, kabilang ang pagkabangkarote.

Kung magbibigay ka ng mga serbisyo sa isang negosyo ng Raytheon Technologies at kailangan mong i-access ang isang kustomer o pasilidad ng mismong gumagamit, maaaring kailanganin ng Raytheon Technologies na ibigay ang iyong personal na impormasyon sa kustomer o mismong gumagamit na iyon upang mapadali ang iyong pag-access sa site bilang pagtupad sa mga kinakailangan sa seguridad.

Maliban kung ginamit bilang suporta sa isang kontrata sa iyo o upang tuparin ang isang legal na obligasyon, ang aming paggamit ng iyong personal na impormasyon ay para lamang sa mga lehitimong interes ng negosyo gaya ng nakasaad sa itaas.

## **Saan itinatago ng Raytheon Technologies ang iyong personal na impormasyon?**

Dahil isang pandaigdigang kompanya ang Raytheon Technologies na matatagpuan sa iba't ibang bansa, maaari naming ilipat ang iyong impormasyon mula sa isang legal na entidad patungo sa isa pa o mula sa isang bansa patungo sa isa pa upang maisakatuparan ang mga layuning nakalista sa itaas. Kabilang sa mga bansang ito, sa minimum, ang Estados Unidos, ang marami sa mga miyembrong estado ng European Union, Canada, at iba pang bansa, kabilang ang ilan sa Asya. Ililipat namin ang iyong personal na impormasyon na naaayon sa mga naaangkop na legal na kinakailangan at hanggang sa kinakailangan lamang para sa mga layuning isinaad sa itaas.

Umaasa ang Raytheon Technologies sa mga available na legal na mekanismo para paganahin ang legal na paglilipat ng personal na impormasyon sa labas ng bansa. Hanggang sa umaasa ang Raytheon Technologies sa mga pamantayang sugnay na kontraktwal (tinatawag ding modelong sugnay) o Mga Nagbubuklod na Panuntunan ng Korporasyon upang pahintulutan ang paglilipat, susundin ng Raytheon Technologies ang mga kinakailangang iyon, kabilang ang kung saan maaaring magkaroon ng salungatan sa pagitan ng mga kinakailangang iyon at ng Abiso na ito. Upang basahin ang **Mga Nagbubuklod na Panuntunan ng Korporasyon** ng Raytheon Technologies, mangyaring i-download ang mga BCR sa iyong wika sa <http://RaytheonTechnologies.com/privacy/binding-corporate-rules>.

## Saan itinatago ng Raytheon Technologies ang iyong personal na impormasyon?

Pinananatili ng Raytheon Technologies ang personal na impormasyon para sa haba ng panahon na kinakailangan upang matupad ang layunin kung saan ito orihinal na kinolekta at para sa anumang karagdagang yugto ayon sa kinakailangan ng naaangkop na batas o regulasyon, hukuman, administratibo o mga paglilitis sa arbitrasyon, o kinakailangan sa pag-awdit.

## Anong mga pagpipilian ang mayroon ka tungkol sa kung paano ginagamit ng Raytheon Technologies ang iyong personal na impormasyon?

Kung saan posible, bibigyan ka ng Raytheon Technologies ng pagkakataong magpasya kung ibibigay o hindi ang iyong Personal na Impormasyon. Maaaring may mga pagkakataon kung saan hindi ka bibigyan ng pagpipilian, gaya ng mga nakagawian sa seguridad ng IT tulad ng pag-scan ng virus at malware para sa mga indibidwal na may access sa mga network ng Raytheon Technologies. Depende sa uri ng personal na impormasyon at ang dahilan kung bakit maaaring kinakailangan ito ng Raytheon Technologies, maaaring hindi matupad ng Raytheon Technologies ang iyong kahilingan nang hindi kinokolekta at pinoproseso ang iyong personal na impormasyon.

Palagi kang magkakaroon ng pagpipilian tungkol sa kung gagamitin ng Raytheon Technologies ang iyong personal na impormasyon para sa mga layunin ng marketing. Kung ibinigay mo sa amin ang iyong personal na impormasyon at gusto mo na ngayong hilingin na hindi na ito gagamitin para sa mga layunin ng marketing, mangyaring makipag-ugnayan sa mga negosyo kung saan ka nakakatanggap ng mga komunikasyon ng marketing. Ang mga komunikasyon mismo at ang website ng negosyo ang magbibigay sa iyo ng mga detalye ng pakikipag-ugnayan.

## Anong karagdagang impormasyon ang dapat malaman ng mga partikular na indibidwal?

### Mga user mula sa California:

*Batas ng California Shine the Light:* Ang mga residente ng California ay maaaring taunang humiling at makakuha ng impormasyon na ibinabahagi sa ibang mga negosyo para sa kanilang sariling direktang paggamit ng marketing sa loob ng naunang taon ng kalendaryo. Hindi ibinabahagi ng Raytheon Technologies ang iyong personal na impormasyon sa ibang mga negosyo para sa kanilang sariling direktang paggamit ng marketing.

*Batas ng California Consumer Privacy:* Maliban sa mga nakikipag-ugnayan sa Raytheon Technologies bilang mga empleyado at kontratista, yaong impormasyong mayroon kami dahil sa kanilang relasyon sa mga empleyado at mga kontratista (tulad ng mga miyembro ng pamilya na tumatanggap ng mga benepisyong pangkalusugan o mga kontak sa emergency), mga aplikante ng trabaho, yaong impormasyong mayroon kami dahil sa kanilang kaugnayan sa mga aplikante ng trabaho (tulad ng mga reference), at sa mga yaong impormasyong mayroon kami bilang resulta ng pakikipag-ugnayan o relasyon ng negosyo-sa-negosyo (tulad ng mga tauhan ng kustomer o vendor ng negosyo), ang mga residente ng California ay may karapatang:

- humiling ng mga detalye tungkol sa personal na impormasyon na mayroon kami tungkol sa iyo, kabilang ang mga kategorya ng impormasyon, ang layunin kung saan namin ito ginagamit, kung kanino namin ito ibinabahagi, at partikular na impormasyon tungkol sa kung anong personal na impormasyon ang mayroon kami tungkol sa iyo sa partikular;
- humiling na alisin ang iyong data; at
- at utusan ang isang kompanya na huwag ibenta ang iyong data, ngunit, dahil hindi nagbebeenta ng personal na impormasyon ang Raytheon Technologies, hindi ito nalalapat.



Kung residente ka ng California na hindi nasasaklaw ng mga eksklusyon na binanggit sa itaas at gusto mong gamitin ang iyong mga karapatan, dapat kang makipag-ugnayan sa Raytheon Technologies alinman sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-833-882-0003 o pag-email sa amin sa [privacy.compliance@rtx.com](mailto:privacy.compliance@rtx.com). Mangyaring ibigay ang iyong pangalan, isang paraan para makontak ka ng Raytheon Technologies (tulad ng email address o numero ng telepono) upang matugunan namin ang iyong kahilingan, impormasyon tungkol sa uri ng iyong relasyon sa amin (halimbawa, bisita ka ba sa aming website o isang shareholder), at mga detalye tungkol sa aksyon na gusto mong gawin namin. Batay sa iyong kahilingan, mag-iimbestiga kami upang matukoy kung mayroon kaming alinman sa iyong personal na impormasyon. Kung mayroon kami ng iyong personal na impormasyon (maliban sa ibinigay sa iyong kahilingan), susubukan naming i-verify ang iyong pagkakakilanlan batay sa personal na impormasyon na mayroon na kami; magdedepende ang hihilingin naming data sa uri ng personal na impormasyon na mayroon kami tungkol sa iyo Bibigyan ka rin namin ng impormasyon tungkol sa kung mayroong anumang rason kung bakit hindi namin masusunod ang iyong kahilingan.

**Mga user mula sa European Union at iba pang bansang may mga batas sa privacy:** May karapatan kang magsampa ng reklamo sa iyong pambansa o estadong awtoridad sa proteksyon ng data, na maaaring kilala rin bilang isang awtoridad ng pangangasiwa. May karapatan ka rin na bawiin ang pahintulot, humiling ng access at pagtatama o pagbubura ng iyong personal na impormasyon, humingi ng mga paghihigpit sa o tumutol sa pagpoproseso ng ilang personal na impormasyon, at humingi ng data portability sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon. Para makipag-ugnayan sa Raytheon Technologies tungkol sa isang kahilingang i-access, itama, burahin, tutulan o humingi ng mga paghihigpit o portability, mangyaring gamitin ang mga paraan sa pakikipag-ugnayan na nakasaad sa dulo ng abisong ito.

**Mga user mula sa Estados Unidos:** Hindi nangongolekta ang Raytheon Technologies ng Mga Numero ng Social Security sa pamamagitan ng [www.utc.com](http://www.utc.com). Ang Raytheon Technologies, gayunpaman, ay nangongolekta ng Mga Numero ng Social Security kung saan kinakailangan ng batas, tulad ng mga layunin ng buwis at peyrol para sa mga empleyado nito. Kapag nangongolekta ang Raytheon Technologies at/o gumagamit ng Mga Numero ng Social Security, magsasagawa ang Raytheon Technologies ng wastong pangangalaga sa pamamagitan ng pagprotekta sa pagiging kumpidensyal, paglilimita sa koleksyon, pagtitiyak ng access sa isang kailangang-malaman na batayan, pagpapatupad ng naaangkop na mga teknikal na pananggala at pagtitiyak ng wastong pagtatapon.

## Paano ka makikipag-ugnayan sa Raytheon Technologies?

Kung gusto mong i-access, itama o i-update ang iyong personal na impormasyon, o kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga nakagawian sa privacy ng Raytheon Technologies sa pangkalahatan o isang reklamo, mangyaring mag-email sa [privacy.compliance@rtx.com](mailto:privacy.compliance@rtx.com). Sakaling ikaw ay nasa isang bansa na pinamamahalaan ng Pangkalahatang Regulasyon sa Proteksyon ng Data at ninanais ang mga partikular na detalye para sa controller ng data o makipag-ugnayan sa lokal na Opisyal ng Proteksyon ng Data, mangyaring tandaan na ididirekta ang iyong email at ang iyong pagtatanong sa naaangkop na tao.

Huling Na-update: Hulyo 21, 2021